| | | |
|---|---|---|
| | FINANCE OFFICE<br>156 S. BROADWAY, SUITE 114<br>TURLOCK, CA 95380-5454<br>209-668-5570 | POLISIYA #:19-02 |
| | | MSI #: |
| | KODIGO NG SANGGUNIAN: | ORIHINAL NA PETSA:<br>09/01/19 |
| PAKSA:<br>Takdang Petsa sa Yugto ng Pagsingil – Pinansiyal na Pasanin | | PETSA NG REBISYON:<br>09/01/19 |

Ito ang polisiya ng Mga Departamento ng Pananalapi ng Lungsod ng Turlock para sa mga administratibong pagkilos para sa pagsingil ng mga account ng serbisyong utilidad nang direkta sa mga kostumer.

Sa ilalim ng pagpapasiya ng Tagapangasiwa ng Pananalapi at upang maiwasan ang mga multa sa huling pagbayad sa mga hindi pa nababayarang pahayag sa utilidad, hihilingin ito ng kostumer upang makuha ang takdang petsa na mas babagay sa mga pangangailangang pinansiyal ng kostumer para sa napapanahong pagbabayad ng utilidad.

Ang Pinansiyal na Pasanin (Financial Burden) ayon sa pakahulugan ng Estado ng California: Ipakita ang kawalan ng kakayahang pinansiyal na magbayad sa loob ng karaniwang yugto ng pagbabayad ng sinuman sa sambahayan na kasalukuyang tagatanggap ng:

a. CalWORKs, CalFresh, Espesyal na Programa sa Karagdagang Nutrisyon para sa Kababaihan, Mga Sanggol at Mga Bata sa California (California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children)
b. Medi-Cal
c. Programa sa Karagdagang Kitang Panseguridad/Karagdagang Kabayaran ng Estado (Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program)
d. Ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan

Kailangang mag-apply ang kostumer para sa pagbabago sa yugto ng pagsingil. Magbibigay ang kostumer sa Lungsod ng mga dokumentasyong sumusuporta sa pinansiyal na pasanin gaya ng ipinaliwanag sa itaas. Ang ibinigay na aplikasyon at dokumentasyon ay susuriin para sa pag-apruba. Nauunawaan ng kostumer na ang anumang pagbabago sa yugto ng pagsingil na hiniling man o gawa ng Tagapangasiwa ng Pananalapi ay magreresulta sa pahayag ng pagsingil na labas sa yugto at kasunod na pagpalit ng takdang petsa ng pagbabayad.

Gagawin ng kostumer ang lahat ng pagsusumikap upang bayaran ang kaniyang bill sa utilidad nang buo at napapanahon kapag inaprubahan ang hiniling na takdang petsa ng pagbabayad at magpapatuloy sa loob ng panahon na hawak nila ang account ng utilidad sa inaprubahang address ng serbisyo. Hindi pahihintulutan ang mga delingkuwenteng account na ipagpatuloy ang mga alternatibong takdang petsa ng pagbabayad at susuriin sa ilalim ng pagpapasya ng Tagapangasiwa sa Pananalapi.

Kung ang takdang petsa ay kasabay ng katapusan ng linggo o holiday, pahihintulutan ang kasunod na araw ng negosyo hanggang sa 5 PM. Itatasa ang $25.00 na multa kung ang buong balanse ay hindi matanggap ng Tanggapan ng Pananalapi bago ang 5 PM sa ika-5 araw kasunod ng takdang petsa.

Mga available na takdang petsa: Ika-7, Ika-14, Ika-21, o Ika-28

Gagawing available ang polisiyang ito sa publiko sa website ng Lungsod. Maaaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pananalapi sa pamamagitan ng telepono sa (209) 668-5570 upang talakayin ang mga opsiyon para sa kagustuhan sa takdang petsa sa ilalim ng mga tuntunin ng polisiyang ito.